**English**

TNC Inc welcomes the involvement of all people from our local community.

**Arabic**

يرحب نادي TNC بمشاركة جميع الأفراد من المجتمع المحلي.

**Chinese Traditional**

TNC有限公司歡迎本地社區所有人士的參與。

**Croatian**

TNC Inc poziva sve ljude u našoj zajednici da se uključe.

**Dari**

کلپ TNC Inc از دخلات همه مردم محل پیشباز می نماید.

**Dinka**

Aguir ë TNC ee kɔɔc cëŋ wuöt akeunhom yiic cɔɔl bïk röt mat kek TNC

**Hindi**

टी एन सी इंक। हमारे स्थानीय समुदाय के सभी लोगों का भाग लेने के लिए स्वागत करता है।

**Persian (Farsi)**

انجمن TNC ازهمکاری و شرکت کلیه افراد محل استقبال می کند.

**Samoan**

E faafeiloa’i atu le TNC Inc ile auai mai o tagata uma mai la tatou komiuniti.

**Tagalog (Filipino)**

Maluwag na tinatanggap ng TNC ang pakikisali ng lahat ng mga tao sa aming lokal na komunidad.

**Tamil**

TNC Inc எமது உள் சமூகத்தவர்களின் ஈடுபாட்டை வரவேற்கிறது.

**Turkish**

TNC Inc, yerel toplumumuzun tüm bireylerinin katılımını arzu etmektedir.




Ang tangggapan ng TNC office ay nasa 9—13 First Ave, Blacktown. Ang lokasyon ay lugar din ng pagmimiting ng Blacktown Social Club Members at buwanang pagmimiting ng Komite ng Tagapamahala.

Ang WASH House sa 5 Kelly Close, Mt. Druitt ang lugar ng pagmimiting ng mga miyembro sa programa ng Mt. Druitt.

Nakabukas ang mga lugar sa pagitan ng 9nu at 4 nh Lunes hanggang Biyernes para sa administrasyon. Ang mga oras ng pagbubukas ay lumalampas sa oras para sa nakaprogramang aktibidad,manyaring tumawag bago magpunta o mag-iwan ng mensahe sa telepono.

## TNC Incorporated

(TNC Inc ay tinustusan ng Departmento ng Pagtanda, Maykapansanan at Pangangalagang Pambahay)


**Club Coordinator - (02) 9671 7217**
**Recreation Officer - (02) 9671 7217**
**Recreation Assistant - (02) 9831 1176**

**PO Box 394, Blacktown NSW 2148**

**9-13 First Avenue, Blacktown**
**(off Sunnyholt Rd, walking distance from Blacktown Rail Station)**



22306 www.newleafdesign.com.au


# Mga Bigay-Ginhawang Paglilibang na

## Serbisyo para sa mga May-Kapansanan sa Kaisipan na mga Adulto.

TNC inc Leisure Services


**Telepono: (02) 9671 7217**

9-13 First Avenue, Blacktown, NSW 2148
**Fax:** (02) 9831 1176 • **Email:** tnc@iprimus.com.au

**Ang Samahang Pang-Martes ng Gabi ( Tuesday Night Club) ay isang Organisasyong Nakatatag sa Komunidad (Community Based Organisation) na nagtataguyod ng mga pagkakataon sa paglilibang at pag-aaliw para sa mga may-kapansanang intelektwal (Intellectual Disability) na naninirahan sa Blacktown L.G.A.**

**Nagdudulot ang TNC Inc. ng dalawang programa ng paglilibang; ang isang programa ay nakatatag sa Blacktown at ang isa naman ay nasa Mt. Druitt.**



Fun day at Luna Park

Nagsasa-ayos ang Club ng mga aktibidad at at pagliliwaliw para sa mga miyembro, na binubuhay ang loob ng pakiki-salamuha na gamit ang mga pasilidad ng komunidad at pagbibiyahe hangga't maaari.

Iniaalok ang mga akitibidad sa mga gabi at sabado't linggo at kabilang ang 'Dinner with Friends, DVD at Pizza nights, BBQ's at mga pamamasyal sa araw.

Ang mga pagliliwaliw ay iniaalok sa pangsabado't-linggo o isang lingguhang lakad sa iba't-ibang mga destinasyon sa Australya at ibayong-dagat.

Kung minsan, nagsasabi ang mga miyembro ng pagka-interesado sa mga natatanging tampok. Hanggga't maaari, nakapagsasa-ayos ang Club ng maikling kurso sa mga tampok na iyon. Halimbawa,Mga Pangangailangan sa kalusugan ng mga Kababaihan(Women's Health Needs), Compyuter, Pakikipagrelasyon (Relationships) o First Aid.

Masugid ang Club sa pagpaparamdam sa komunidad ng mga pangangailangan ng mga taong may-kapansanan at nagsisikap na maging tagapagdulot ng impormasyon sa mga Miyembro at ibang interesadong tao.






New Building

***Ang TNC ay itinatag noong 1979 at naging korporasyon noong 1990. Ito ay pinamamamahalaan ng isang Komiteng Tagapamahala na kabilang ang mga magulang, kaibigan at iba pang mga interesadong miyembro ng komunidad o propesyonal.***

## Komite sa Gumagamit ng Serbisyo

Ang Service User Committee ay tagapagsalita ng mga saloobin at hangarin ng Mga Miyembro sa Paglilibang( Recreation Members), sa pamamagitan ng regular na pagpaplano ng mga gabi at pang-apatang buwang pagrereport sa Komite ng Tagapamahala.

Nilalayon ng lahat ng kawani ng TNC na matulungan ang mga Miyembro sa mga pagpipilian ng karanasan sa paglilibang at pag-aaliw at patungo sa Nagsasariling paggamit ng mga pasilidad ng paglilibang sa kinalalagyang komunidad. Kinakailangan ang mga boluntaryo upang matulungang matagumpay na maisagawa ang mga aktibidad.

## Sulatpabalita at mga Aktibidad

Ang mga aktibidad at pagbabakasyon ay may kargo sa mga Miyembro. Ang halaga at mga detalye ng mga aktibidad sa hinaharap at iba pang mga isyu na pinagkakainteresan ay inilalathala sa buwanang Sulatpabalita para sa mga Miyembro ng Blacktown at pang-apatang buwan na sulatpabalita sa mga mieyebro ng Mt. Druitt . Ang mga Sulatpabalita ay ikinakalat sa mga Miyembro ng Club, kasamang organisasyon, komunidad at mga lokal na organisasyong pampamahalaan. Ang mga gustong sumali sa aktibidad ay maaaring magpalista ng personal o sa telepono.

## Pagmimiyembro

Sa pag-aplay, isasagawa ang interbyu upang matasa kung kailangan mo ng buo o kaanib na pagmimiyembro. Taunan ang bayad sa pagmimiyembro.

| | |
|---|---|
| Buong Pagkamiyembro | = $20 |
| Kaanib na Pagkamiyembro | = $10 |